Pangalan: Jordan "Muhammad" Baldostamon Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Buhay sa paningin ng tao, patay sa Paningin ni Allah (Dhikr)
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Petsa: Hulyo 21, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلْ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا اللهُ، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102
"O kayong mga naniniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Tunay na ang papuri ay kay Allah lamang. Pinupuri natin siya at hinihingan ng tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop kay Allah mula sa kasamaan ng ating mga sarili at sa kasamaan ng ating mga gawa sinuman ang gabayan ni Allah ay walang sinumang makapagliligaw sa kanya, at sinuman ang hayaan niyang maligaw ay walang sinumang makapaggagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang diyos na tunay na dapat sambahin maliban kay Allah lamang; at ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay kanyang alipin at sugo. Nawa'y ipagkaloob ni Allah ang pagpapala at kapayapaan sa kanyang sugo na si Propeta Muhammad (sallallahu 'alayhi wa sallam), sa kanyang pamilya, sa kanyang mga kasamahan, at sa lahat ng taong sumusunod sa tamang landas hanggang sa Huling Araw.

Mga alipin ni Allah, tayo ay laging pinapaalalahanan na maging mapagpasalamat at mapag-alaala kay Allah Subhanahu wa Ta'ala sa lahat ng oras at pagkakataon. Isa sa mga pinakamaiinam na gawain bilang pasasalamat kay Allah ay ang pagmamahal at pagkalinga sa ating mga magulang. Ang ating mga magulang, magmula nang tayo ay mabuo sa sinapupunan ng ating mga ina ay gayon na lamang ang pagmamahal at pag-aaruga na ginagawa sa atin na halos hindi na tayo mawala'y sa kanilang paningin, ni hindi nila tayo hinahayaan na madapuan ng lamok, magkasakit at masaktan. Ibinibigay ang lahat ng kanilang kakayahan upang mapabuti ang ating kinabukasan. Hindi sila nagsasawa sa

paghatid-sundo sa atin sa paaralan, paggabay at pagtuturo sa atin ng mga kabutihan hanggang sa ating paglaki at pagsapit sa wastong edad, magkaroon ng magandang hanap-buhay hanggang sa makapag-asawa at magkaroon ng sariling pamilya. Hindi nila alintana ang anumang hirap na kanilang kinakaharap maibigay lamang ang ating mga kailangan. Ganyan tayo kamahal ng ating mga magulang na nagsilang, nag-aruga at nagpalaki sa atin. Kaya naman hangad din natin na masuklian ang lahat ng pagmamahal na iyon.

Mga alipin ni Allah, kung tayo ay minahal, inalagaan, inaruga at pinalaki ng ating mga magulang, paano pa kaya si Allah Subhanahu wa Ta'ala na Siyang lumikha at gumagabay sa atin. Si Allah na ating Tagapagligtas, ang Pinakamaawain at Pinakamahahabagin sa Kanyang mga alipin, ang Tagapagtustos sa lahat ng ating mga pangangailangan, na laging nakamasid, nakikinig at tumutugon sa ating mga panalangin, at ang nagpapatawad sa ating mga pagkakasala at pagkakamali. Tayo ba ay mapagpasalamat sa Kanya? Sinusunod ba natin ang Kanyang mga kautusan? Alipin ni Allah! Kailan ka huling nagpasalamat kay Allah? Kailan mo Siya pinuri at sinamba nang tapat at puno ng pagmamahal? Hindi nanaisin ng sinumang sumasampalataya kay Allah na maging madamot kay Allah, kaya naman dapat lagi tayong magpasalamat at magpuri sa Kanya.

Si Allah ay nagsabi:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اذْكُرُوا اللَّهَ ذِكْرًا كَثِيرًا ﴾ سورة الأحزاب: 41

"O kayong mga naniwala alalahanin ninyo si Allah ng maraming pag-alaala." (Surah Al-Ahzab: 41)

Sa pamamagitan ng pag-alaala kay Allah, ang puso ay nakatatagpo ng kapanatagan at katiwasayan. Si Allah ay nagsabi:

﴿ الَّذِينَ آمَنُوا وَتَطْمَئِنُّ قُلُوبُهُم بِذِكْرِ اللَّهِ ۗ أَلَا بِذِكْرِ اللَّهِ تَطْمَئِنُّ الْقُلُوبُ ﴾ سورة الرعد: 28

"Yaong mga naniwala at panatag ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pag-alaala kay Allah. Walang alinlangan, matatagpuan sa pag-alaala kay Allah ang kapanatagan ng mga puso." (Surah Ar-Ra'd: 28)

Sinabi ni Propeta Muhammad (sallallahu ‘alayhi wa sallam),

مَثَلُ الذي يَذْكُرُ رَبَّهُ والذي لا يَذْكُرُ رَبَّهُ، مَثَلُ الحَيِّ والمَيِّتِ. (أخرجه البخاري ومسلم)

“Ang halimbawa ng umaalaala sa kanyang Panginoon at ang hindi nakaalaala sa kanyang Panginoon ay ang halimbawa ng mga Buhay at mga Patay.” (Inulat nina Al-Bukhari at Muslim)

Siya rin ay nagsabi kay Abdullah Ibn ‘Abbas (radhiyallahu ‘anhu),

يَا غُلاَمُ، إِنِّي أُعَلِّمُكَ كَلِمَاتٍ؛ احْفَظِ اللهَ يَحْفَظْكَ، احْفَظِ اللهَ تَجِدْهُ تُجَاهَكَ، إِذَا سَأَلْتَ فَاسْأَلِ اللهَ، وَإِذَا اسْتَعَنْتَ فَاسْتَعِنْ بِاللهِ، وَاعْلَمْ أَنَّ الأُمَّةَ لَوِ اجْتَمَعَتْ عَلَى أَنْ يَنْفَعُوكَ بِشَيْءٍ لَمْ يَنْفَعُوكَ إِلاَّ بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللهُ لَكَ، وَإِنِ اجْتَمَعُوا عَلَى أَنْ يَضُرُّوكَ بِشَيْءٍ لَمْ يَضُرُّوكَ إِلاَّ بِشَيْءٍ قَدْ كَتَبَهُ اللهُ عَلَيْكَ، رُفِعَتِ الأَقْلاَمُ وَجَفَّتِ الصُّحُفُ. رواه التِّرمذيُّ، وقالَ: حديثٌ حَسَنٌ صحيحٌ

“O Bata! Tuturuan kita ng mga salita (payo): pangalagaan mo si Allah at ikaw ay kanyang pangangalagaan, pangalagaan mo si Allah at siya ay matatagpuan mo sa iyong harapan, kapag ikaw ay hihiling ay manalangin ka lamang kay Allah, at kapag ikaw ay hihingi ng tulong ay humingi lamang ng tulong kay Allah, unawain na kahit magkaisa ang sangkatauhan upang magdulot sa iyo ng kabutihan ay walang kabutihang maibibigay sa iyo maliban sa itinakda ni Allah para sa iyo, at kung sila ay magkaisa upang pinsalain ka sa anumang bagay ay hindi ka nila mapipinsala (o mapapahamak) maliban na lamang sa itinakda sa iyo ni Allah, naitaas na ang panulat at natuyo na ang tinta sa aklat.” (Inulat ni At-Tirmidhi)

Mga alipin ni Allah, ang pag-alaala kay Allah ay punong-puno ng mga malalaking gantimpala mula sa Kanya. Ilan sa mga gantimpala nito na binanggit ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

1. Ang *“LA ILAHA ILLALLAH”* (Walang ibang diyos na dapat sambahin maliban kay Allah): Sinuman ang magsabi nito ng bukal sa kanyang puso ay makakapasok sa Paraiso, at kung ilalagay lamang ang kalangitan at kalupaan at ang nilalaman nito sa isang kamay at ang katagang LA ILAHA ILLALLAH sa kabilang kamay ay mas mabigat pa ang kataga na ito, at ang sinumang naging huling salita niya ito sa oras ng kanyang paghihingalo ay makakapasok sa Paraiso.

2. Ang *“ALHAMDULILLAH”* (Ang papuri at pasasalamat ay para kay Allah) ay pinupuno nito ang timbangan ng mga gawa sa kabilang-buhay.

3. Ang *“SUBHANALLAHI WALHAMDULILLAH”* (ang kaluwalhatian ay kay Allaah – ang Dalisay mula sa lahat ng uri ng kamalian at kapintasan at ang papuri at pasasalamat ay kay Allah) ay pinupuno nito ng gantimpala ang

pagitan ng langit at lupa, sapagkat si Allah lamang ang bukod-tanging Ganap, ang Sakdal at Walang Kapintasan – ang lahat ng papuri ay para sa Kanya lamang.

4. Ang *“SUBHANALLAHI WA BIHAMDIHI, SUBHANALLAHIL ‘ADHEEM”* (Kaluwalhatian kay Allah at papuri sa kanya, Kaluwalhatian kay Allah ang Dakila): Ito ang dalawang salita na binanggit ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) na magaan sa dila subalit mabigat sa ating timbangan at kaibig-ibig kay Allah.

5. Ang *“SUBHANALLAHI WA BIHAMDIHI”* (Kaluwalhatian kay Allah at papuri sa kanya): Sinuman ang magsabi nito sa loob ng isang araw ng isang daang beses ay patatawarin ang kanyang mga kasalanan kahit na kasing dami pa ito ng bula ng dagat.

Mga alipin ni Allah, alalahanin natin ang kasaysayan ng isang Propeta na si Yunus (Jonah) ‘alayhi-salam nang siya ay nilunok ng isang Balyena. Siya ay nagsumamo at nanalangin kay Allah “LA ILAHA ILLA ANTA SUBHANAKA INNI KUNTO MINADH-DHALIMEEN,” (Walang ibang diyos maliban sa Iyo. Luwalhati sa Iyo, tunay na ako ay napabilang sa hanay ng mga mapaggawa ng kamalian). Nakita ng Dakilang Allah ang katapatan ng pagsisisi ni Propeta Yunus sa loob ng tiyan ng Balyena kaya dininig Niya ang panalangin nito at iniligtas mula sa kapahamakan.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ فَاسْتَجَبْنَا لَهُ وَنَجَّيْنَاهُ مِنَ الْغَمِّ ۚ وَكَذَٰلِكَ نُنجِي الْمُؤْمِنِينَ ﴾ سورة الأنبياء: 88

“Kaya siya ay Aming tinugon, at siya ay Aming iniligtas mula sa kasawian. At ganyan nga namin inililigtas ang mga (taong) naniniwala.” (Surah Al-Anbiya: 87)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***